NANGUNGUNANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

# LIWAYWAY

Agosto 1-15, 2019



TULA

## BUWAN NG WIKA

Ni MARK ANGELES

MAIKLING KUWENTO

## SI AMANG BAKAL

Ni ARMANDO T. JAVIER

BÁSA TAYO

## ANG HALAGA NG PAGBABASA NG LIBRO

Ni JOHN IREMIL TEODORO

LATHALAIN

## BAGONG AKDA, BAGONG BISYON SA PALIHANG ROGELIO SICAT

Ni ROMULO P. BAQUIRAN, JR.

# Dimples Romana

MANILA BULLETIN PUBLISHING

771165 698142

ISSN 1656-98-14

EESM BOOKSTORE
Telefax: (02) 905-2351 / 930-9728
CP# 09052849354

...pang magkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ads

# MGA NILALAMAN

I-like kami sa aming facebook page: www.facebook.com/liwayway.magazine


## NOBELA

6 **Kasaysayan Ng Kalibutan (3)**
Edgar Calabia Samar

8 **"Ikaw Na Muna, Mommy" (8)**
Efren Abueg

10 **Higit Na Matibay (31)**
Armando T. Javier

12 **Saka Na Lang Kita Mamahalin (15)**
Neri Jedeliz

## MAIKLING KUWENTO

4 **Si Amang Bakal**
Armando T. Javier

14 **Isang Linggo**
George Deoso

16 **Ang Panauhin Sa Panaginip...**
Rufino C. Crisolo

## KUWENTONG PAMBATA

18 **Si Tanduan At Si Hinulagan**
Arnold M. Valledor

## LATHALAIN

28 **Bagong Akda, Bagong Bisyon Sa Palihang Rogelio Sicat**
Romulo P. Baquiran, Jr.

30 **Ang Yamang Angkin Ng Wikang Filipino**
Lilia Borlongan-Alvarez

## KOMIKS

37 **Sa Mga Pangil Ni Gorgo (2)**
JD Ronquillo / Franklin Batolinao

40 **Ang Babaeng Pinangakuan (3)**
Alquin M. Pulido / Arnel R. Coronel

43 **Lover Boy (4)**
Elena M. Patron / Rico Rival

46 **Sa Mundong Iyon... (43)**
Perry C. Mangilaya / Donato Santos

49 **Bakit May Andres?**
Alquin M. Pulido / Vovoi Lim

54 **Doro Dora**
William Contreras

## TULA

56 **Buwan Ng Wika**
Mark Angeles

## KOLUM

20 **Basa Tayo**
John Iremil Teodoro

22 **Epektibong Pagtuturo**
Pat V. Villafuerte

24 **Buklat/Mulat**
Dr. Eugene Y. Evasco

26 **Haraya**
Dr. Michael M. Coroza

31 **Magluto Tayo**
Mareng Lena

33 **Tatak Pilipino**
Boy A. Silverio

52 **Pag-Usapan Natin!**
*Kuya Sam*

## SHOWBIZ

34 **Dimples Romana, Naging Dot Ambassadress Dahil Sa Iconic Na Memes Sa Kadenang Ginto**
Maricris V. Nicasio

35 **Dante Salamat, Puno Ng Inspirasyon Ang Pang-MMK na Life Story**
Nonie V. Nicasio

35 **Showbiz Tribya**
Julio Silverio, Jr.

## LIBANGAN

36 **Astrolohiya**
*Madame Sharona*


53 **Magtawanan Tayo!**
*Anthony Locsin*
*Eric S.B. Libre*
*Sofronio de Jesus*

54 **Math Puzzle**
*Rosemarie Adaya*

54 **Palaisipan**
*Jose Marie Gallego*








MAIKLING KUWENTO

# SI AMANG BAKAL

Ni ARMANDO T. JAVIER




BANSAG iyong minana pa niya sa kanyang ama. Bakal. Astig. Di mababali. Pero sa likod ng bansag ay may nakakahiyang karanasan. Binatilyo raw si Mang Amang noon, nakalikutang sumama sa mga batang nagbobote-bakal, at sa isang bakuran, isang molye ng dyip ang namataan. Sa sulsol ng dalawang kasama, pinag-interesan, pinasok ang bakuran; siyang kahol naman at sugod ng aso ng may-ari. Huli sa akto si Amang habang hawak ang molye. Ang dalawang kasama nauna nang kumaripas ng takbo habang tulak-tulak ang kariton.

Ipinatawag ng may-ari ang ina ni Amang. Nakuha sa pakiusap ang matandang lalaki; hindi na ipinapulis ang binatilyo tulad ng naunang banta nito. Nakatikim naman ng sinturon si Amang sa nagpupuyos na ina.

Absuwelto siya sa tangkang pang-uumit, pero ang insidenteng iyon, nagpasalin-salin sa kuwentuhan ng mga kapwa niya kabataan: sa eskuwelahan, sa tindahan, sa buong barangay. At si Amang na Amancio ang tunay na pangalan ay naging si Amang Bakal.

Bakal ang ama, natural na bakal din ang bansag sa anak. At iyon ang ikinabubuwisit ni Buboy. Nasa *high school* na siya, nanliligaw na at nangangambang baka dahil sa bansag sa kanyang pamilya ay tabangan at bastedin siya ni Eula. Inis din siya sa di-makatuwirang paghihigpit sa kanya ng ama.

Mula nang magtanan ang Ate Cynthia niya (hinihinala niyang nasasakal na rin sa


**"Pinag-aaral ko kayo, hindi pa kayo makontento? Ang ibang mga bata d'ya'y istambay, perwisyo sa lansangan. Ano'ng gusto n'yo, matulad sa 'kin, hindi nakapag-aral? Walang mapasukang mabuti-buting trabaho?"**

NOBELA


# KASAYSAYAN NG KALIBUTAN

Ni EDGAR CALABIA SAMAR

**ANG NAKARAAN:** Araw ng Pag-angat sa Walong Taon at naghanda si Hal para samahan ang ina at ang nakababata niyang kapatid na si Aman para sa paglahok ng huli sa pagdiriwang sa Gulod ng Kumpís, ang kinagisnan niyang punso na nasa pinakatimog ng Tahílan. Taon-taong nagpapaalala ang pagdiriwang na ito kay Hal na hindi siya tulad ng ibang diwata na lumulukad dahil nananatili siyang nakatuntong sa lupa. Para kay Aman, iniiwasan niyang malungkot dahil doon. Iniiwasan din niyang isipin ang alaala ng ama nila na basta na lang hindi umuwi isang araw noong sampung taón siya, apat na taon na ang nakararaan. Nauunawaan din niya kung bakit hindi hinanap ng ina nila ang ama nila. Mapanganib maghanap sa isang nawawalang diwata. Nasa tatlong kabanata ang nilakad nila mula sa balangay nila patungo sa Gulod. Nang malapit na sila sa Daang Tahilan na pangunahing daan na nag-uugnay sa mga Gulod ng bawat isa sa sampung punso ng Tahilan, nakita nilang humahangos ang maraming diwata. Noon nila nalamang dadalo sa Pag-angat ang Tagapagmana ng Matandang Nuno sa Puno mula sa Isákan na siyang pinakamakapangyarihang punso at sentro ng Tahilan. Nagkagulo ang mga diwata nang dumating ang Tagapagmana sakay ng anuwang. Nang dumaan ang binatilyong Tagapagmana sa tapat nina Hal, nakita ni Hal na napansin nito na naglalakad siya, hindi tulad ng ibang mga naglulukad na diwata sa paligid.




Lumakad-takbo si Linakapati pabalik kay Pat. "Kayo ay ano ang kailanagan ba? Mayroon?"




# SI TANDUAN AT SI HINULAGAN

Ni ARNOLD MATENCIO VALLEDOR

"WOOOOOOSSSHHH! Wuuuuuussshhh!"

Malakas na hangin at ulan ang pinakawalan ni Hinulagan. Sumisipol. Humahaginit. Humahagupit sa natutulog na islang si Tanduan.

Galit siya kay Tanduan. Masayahing isla kasi ito. Tila halos walang problema. At galit siya sa masaya. Kaya, bibigyan niya ito ng problema.

"Woooooossshhh! Wuuuuuussshhh!"

NAGISING si Tanduan sa walang patid na hagupit ni Hinulagan.

Naramdaman niya ang sakit at lamig na noon pa lamang niya naramdaman. Ngumingiwing nanghihina't nangangaligkig siya. Paano na ang labing-isang munisipyo? Ang mga tao at ang kanilang mga ari-arian at pinagkakakitaan? Pababayaan na lang ba niyang masira at lumubog, kasama siya?

Nagdesisyon siyang lumabas sa pisikal niyang katawan upang mapigilan niya ang patuloy na paghahagupit ni Hinulagan.

"T-tanduaaan *t-tandooong!*"

Pinilit niyang makasigaw. Maya-maya, lumabas siyang metapisikal.

Hinarap niya si Hinulagan. Sinasalag niya ang sumisipol at humahaginit nitong hangin at ulan.

Pero sadyang malakas ang hangin at ulan ni Hinulagan. Tinatangay siya. Ibinabalya.

# BAGONG AKDA, BAGONG BISYON SA PALIHANG ROGELIO SICAT

Ni ROMULO P. BAQUIRAN, JR.



**Ang 15 PRS12 Fellows - (Mga lalaking nakatayo mula kaliwa): Ryan Alcarde, Jazon Pozon, Ferdie Eusebio, Nap Arcilla, Joycel Dabalos, Evan Daynos, Eddie Ramos, Roc Robles, Jan Henry Choa. (Mga babae mula sa kaliwa): Myla Ogaya, Angela Pamaos, Rochelle Molina, Gabby Baron, Geh Juachon, at Beth Serrano-Quijano.**


### Natatanging Palihan ng Manunulat sa Filipino

KAPAG dumarating ang tag-init at bakasyon sa eskuwelahan, sunod-sunod ang pagsasagawa ng *writers workshop* sa Pilipinas--mula Maynila hanggang Lungsod Iligan. Karaniwang mga unibersidad at samahang pangmanunulat ang nagtataguyod sa mga ito.

Kapag isa kang nagsisimulang manunulat, malamang na gugustuhin mong mag-aplay at sumali sa mga palihang ito. Ang ilan sa lalong kilala sa mga palihang ito ang itinataguyod ng Unibersidad ng Pilipinas, Silliman University, MSU-Iligan, Ateneo, at UST. Nagsimula ang tradisyon ng mga *workshop* noon pang dekada 60 at masiglang nagpapatuloy hanggang ngayon.

Nagkaroon ng espesyalidad ang bawat palihan. Mga nasa *mid-career* ang pinagtutuunan ng UP, Ingles sa Silliman, multilinguwal naman ang iba (Filipino, English, at iba pang wika sa Pilipinas). Kung gayon, isang masiglang merkado ang eksena nangyayari.

Mangyari'y dito nakakasalamuha ng mga baguhang manunulat ang mga beterano. Dito nangyayari ang mga



**Walang kinikilalang edad ang pagsusulat. Si Eddy Ramos ng Tarlac kasama ang mga fellow na bumibigkas ng tula sa pagtatapos ng palihan. 67 taong gulang si Eddy.**




**Pambansa ang saklaw ng PRS. Ito si Joy Serrano-Quijano ng Mindanao.**

masiglang palitan ng kaalaman ng mga henerasyon. Mapapabilis nito ang pag-unlad ng sining ng panulat. Narito ang harapang pagpapalitan ng idea at sigla ng mga awtor ng iba't ibang anyo, mapatula, kuwento, dula, at sanaysay.

May isang natatangi sa sirkulo ng mga palihang ito: ang **Palihang Rogelio Sicat (PRS)**. Ito lamang ang tumutuon nang eksklusibo sa wikang pambansa. Itinatag ito ng mga manunulat at guro sa UP Departamento ng Filipino na sina Reuel M. Aguila (batikang mandudula) at Jimmuel Naval (kilalang kuwentista) noong 2007.

Sa simula pa lamang, nagpasiya na ang mga tagapagtatag na tumuon sa manunulat na Filipino, lalo na sa talagang mga baguhan. Sa loob ng 12 taon ng pag-iral nito, mahigit sa 150 kabataang manunulat na ang dumaan sa gabay ng mga taga-sa-panahong mga mandudula, kuwentista, at makata ng UP Departamento ng Filipino at mga panauhing manunulat tulad nina Edgardo Reyes, Ricky Lee, Bonifacio Ilagan, atbp.

# Dimples Romana, naging DOT ambassadress dahil sa iconic na memes sa *Kadenang Ginto*

Ni MARICRIS VALDEZ-NICASIO

BUKOD sa pagiging BFF ni Angel Locsin, kilala na rin ngayon ang mahusay na aktres na si Dimples Romana sa pagkakaroon ng *iconic* na *meme* dahil sa iba't ibang naglabasan na *version* na nagpapakita kung gaano kamalikhain ang mga Pinoy at kung gaano kasikat ang kasalukuyang *drama series* nilang *Kadenang Ginto*.

Pinagpiyestahan kasi sa *social media* ang eksena sa *top rating soap opera* nila sa ABS CBN habang naglalakad sa kalsada si Dimples na may hila-hilang de-gulong na maleta at nakasuot ng pulang damit.

Kung saan-saan na nga nakarating si Daniela (karakter ni Dimples sa naturang teleserye). May kasama niya si Vice Ganda, mayroong sa Idol Philippines, *with* Pastor Quiboloy, may kasama ang kalabaw, nagpapakain ng baboy, kasama ang Avengers *characters*, may kasama sa pagrampa ang *supermodels*, mga *stewardess*, eksena sa Ang Probinsyano *with* Coco Martin, sa LRT/MRT, ang nasa *sports arena* si Daniela, at marami pang iba.

Kaya naman labis ang kagalakan at pasasalamat ni Dimples sa mainit na suporta at pagtangkilik ng publiko sa kanilang teleserye.

Ayon sa aktres, utang niya sa *netizens* kung bakit nagiging *classic* ang mga *project* na natotoka sa kanya.

*"Of course, you know* Krizzy *of One More Chance/Second Chance;* Amanda *of The Greatest Love;* Babaylan of Bagani--lahat iyan *favorite* nilang mini-*meme*," sabi ni Dimples.

Dagdag pa niya patungkol sa sikat na sikat niyang *memes* ngayon, "Ito na yata ang pinaka-*iconic* na *character* na nagawa ko kasi umabot na kung saan-saan at saka paggising mo *good vibes* lang. Ganoon naman gusto natin, iyong natatawanan natin isa't isa, walang napipikon, iyon ang masaya."

Kinilala rin ni Dimples ang naitutulong ng mga ganitong *memes* sa kanilang teleserye na mas maipakilala sa loob at labas ng bansa, pati na ang pagkukusa ng *netizens* sa paggawa ng *memes*.

"Ang hirap kayang mag-*edit* ng *picture*. Ibig sabihin 'pag nag-eedit sila, nagbibigay sila ng oras, panahon. Biruin mo may mga lugar sa Pilipinas na napuntahan ng *meme* ko na hindi ko alam," nakangiting sambit pa ng Kapamilya aktres.

Niliwanag din ng aktres sa isang panayam na hindi siya nao-*offend* kapag ginagamit ng mga tao ang kanyang larawan para gumawa ng iba't ibang klase ng *memes* mula sa kanilang *TV series* na tinatampukan din nina Beauty Gonzalez, Andrea Brillantes, Francine Diaz, Albert Martinez, Ronnie Lazaro, Joko Diaz, Aleck Bovick, Sheree, at iba pa.

"Nakakatawa 'di ba *now* ang *gauge* natin *is when your 'memeable' like when you have memes and stuff?* Buti na lang *I'm not* pikon. *I would see my face on Facebook with my eyes, the ugliest faces* talaga. *I'm thinking,* buti na lang *secure* na ako *as a person* kasi isipin mo na lang kung *very conscious* ka *on how you look and how people perceived of you then you will mind these things like it would hurt you and you will feel offended, but I don't at all. I feel so flattered and so humbled that people are actually taking the time about all this memes,"* aniya pa.

Ang isa pang magandang dulot ng sumikat na *memes* ni Dimples-lalo na ang paglilibot niya sa iba't ibang sulok ng Filipinas, ay ang paghirang sa kanya bilang *Tourism ambassadress* ng bansa para tumulong sa pag-*promote* sa mga hindi pa masyadong kilalang *tourism destinations, museums,* at *heritage sites* sa Filipinas.



Larawang mula sa ABS-CBN Entertainment

Si Dimples ay 22 taon na sa mundo ng *showbiz*. Taong 1997 niya unang natikman kung paano maging artista sa *TV series* na *Esperanza* na pinagbidahan nina Judy Ann Santos, Wowie de Guzman, at Piolo Pascual. Sinundan ito ng sumunod na taon ng *youth oriented TV series* na *Tabing Ilog*.

Mula rito, iba't ibang *TV series* at pelikula na ang sumunod na ginawa ng aktres, pero bago ang *Kadenang Ginto*, nagmarka nang husto si Dimples sa *The Greatest Love* na tinampukan ni Sylvia Sanchez.

Si Dimples ay maybahay ni Boyet Ahmee Jr. at ang kanilang masayang pamilya ay biniyayaan ng dalawang supling, sina Callie at Alonzo.

# Dante Salamat, puno ng inspirasyon ang pang-*MMK* na life story

**Ni NONIE V. NICASIO**

**KINILALA** si Dante Salamat sa nakaraang Gawad Pasado 2019 bilang Best Public Service *awardee* 2019. Si Dante ay isang *entrepreneur, coach mentor, investor, motivational speaker,* at iba pa.

Siya ang kinikilalang *Cool Boss* ng *It's Showtime* sa *KapareWho segment nito.* Nakalabas na rin si Mr. Dante sa *indie movie last year* sa *Pinagtagpo, Pinagtagpi* ni Direk Romm Burlat bilang *father* ni Jay-R Ramos.


*Wish* din niyang ma-*feature* ang kanyang *life story* sa *Magpakailanman* dahil *interesting*, madrama, at kapupulutan ng aral at inspirasyon ang kanyang buhay na isang *rags-to-riches story* ng batang lumaki sa sobrang hirap ng buhay sa Donsol, Sorsogon. Na matapos iwan ng mga magulang sa kanyang lola noong bata pa lang, ay pilit na inabot ang kanyang mga pangarap sa buhay.

Si Mr. Dante ay nagtinda ng kakanin noong *elementary* at naging *houseboy* para lang maka-*graduate* ng *high school*. Bukod sa kahirapan, biktima rin siya ng *bullying* noong bata pa.

Siya ay nagtapos ng kolehiyo sa Lyceum ng kursong *Business Administration, Major in Marketing.* Ipinakita niya ang kanyang husay at determinasyon noong nasa OJT pa lamang sa isang *real estate company*, nang sa *last day* niya rito ay makapagsara siya ng *10 million peso sale* at kumita nang halos isang milyon piso. Ito ang nagbunsod sa kanya na pumasok sa *real estate* at ngayon ay *President* at CEO na siya ng sariling kompanya, ang PR-Diamond Realty Group of Companies.

Ano ang naging susi ng kanyang tagumpay?

*"I'm just guided by my strong faith, determinations, and hardwork. I've learned in life how to accomplished things everyday, counting my own achievements daily that lead to a brighter future. Those sacrifices, hard work, and perseverance pay off, now I'm returning that favor and blessings to help other people to somehow change their lives.* Gusto kong i-*channel* ang *blessings* sa ibang tao *and become their inspirations*," saad niya.



Larawang kuha ni Wilson Fernandez


Idiniin pa ni Mr. Dante na gusto niyang i-*share* ang mga natatanggap niyang *blessings* sa buhay dahil itinuturing niya itong *best fulfilment* at *accomplishment*.

"Sipag, determinasyon, at tiyaga, *part* iyan ng naging susi ng *success* ko, *but ultimate factor also is attitude, values, and character* po," dagdag pa ni Mr. Dante na *very soon* ay mapapanood din sa pelikulang *Nabulag ang Buwan sa Init ng Araw* at sa *guesting* niya sa *FPJ's Ang Probinsyano* kasama sina Coco Martin at Judy Ann Santos.

## SHOWBIZ TRIBYA

**Ni JULIO SILVERIO, JR.**

**NAGSIMULA** si Ramon Zamora sa tanghalan noong 1950s bago naging regular noong *late 1960s* sa ABS-CBN *gag show* na "Super Laff-In" na madalas siyang lumalabas bilang Adolf Hitler at maglinya ng "Isprakenhayt."



Ramon Zamora

"Ataul For Rent" ang huli niyang pelikula bago siya namatay. Kabilang pa sa kanyang mga pelikula ang "Lisensyadong Kamao", "Pedro Penduko", Episode II, "The Return of the Comeback", "Dudurugin Kita Ng Bala Ko", "Me And Ninja Liit' Liit", "The Rookies and the Mighty", "Ahas Sa Pugad Ng Lawin", "The Interceptor," "Peter Pande Sal", "They Call Him Chopsuey", "Return of the Dragon" at "Dobol Trobol."

-o0o-

**IPINANGANAK** noong Hunyo 12, 1986 si Carla Abellana, ang aktres na anak ng mga artistang sina Rey Abellana at Rhea Reyes at apo ng *veteran actress* na si Delia Razon. Bukod sa mga teleserye ay nagbida na rin siya sa mga pelikulang "Mamarazzi", "My Neighbor's Wife", "Manila Kingpin", "Yesterday, Today and Tomorrow" at "Shake, Rattle & Roll XII", na nakapag-uwi siya ng dalawang *acting awards*.


-o0o-

**UNANG** nakilala si Piolo Pascual sa "That's Entertainment" ni Kuya German Moreno. Bumongga ang *career* ni Piolo nang lumipat siya sa ABS-CBN. Ngayon ay isa siya sa tinitingalang aktor ng kanyang panahon. Ilan sa kanyang mga obra ang "Lagarista", "Esperanza: The Movie", "Pera O Bayong", "I Think I'm In Love", "Dekada '70s", "Dreamboy", "Don't Give Up On Us", "Love Me Again: Land Down Under", "On The Job", "Starting Over Again", "The Breakup Playlist", "Silong", "Love Me Tomorrow", "Northern Lights" at "Last Night".

-o0o-


Mga larawang mula sa Google

**IPINANGANAK** si Boy Abunda noong Oktubre 29, 1955, ang tinaguriang "King of Talk Show" ng Pilipinas. Dating *host* ng "Show And Tell" at "Startalk", "The Buzz", "The Bottomline with Boy Abunda", at SNN: Showbiz News Ngayon"



Boy Abunda

Kabilang din siya sa mga tinitingalang *talent managers* sa Philippine *entertainment industry*.


SA MGA ANGIL NI TORGO
Ni JD RONQUILLO
Guhit ni F. BATOLINAO
(IKA-2 NA LABAS)
NGAYON MO NA SIYA IPAKIKILALA SA AKIN?
MAG-ALIW-ALIW MUNA KAYO SA AKING COMEDY BAR. SISILBIHAN KAYO NG MAGAGANDA KONG ATTEN-DANT.
INOM PA KAYO. WALA NITO SA ATING TRIBO.
DALAS-DALASAN NATIN ITO AMING PINUNO!
MAGPAKA-LUNOD KAYO SA MGA BA-BAE AT ALAK.
UMAGA. GINISING NG ISANG TAGASUNOD SI DATU DALINGIT.
MAHAL NA DATU. NAG-HIHINTAY SA IBABA SI MR CAPUTI. MAY KASAMA.
HA? SINO?

# BUWAN NG WIKA




Isang paslit ang nag-usisa,
Ano ang Buwan ng Wika?

Wari ba'y ibig matalos—
Lampas sa pagdaraos

Ng parada ng kasuotan
At sabayang bigkasan—

Kung bakit kostumbre
Ang pagliban sa klase.

Nagkamalay ang bata
Sa sangkahig, sangtuka;

Bawat patak ng oras
Ginto ang katumbas.

Maagang bumabangon.
Maagang lumulusong

Sa banta ng baha't trapik.
Walang takot na tinatawid

Mga tulay na kawayan,
Mga ilog at kabundukan.

Mabibilang ang bokabularyo
Sa pamilya, eskwela, trabaho.

Paano sasabihing
Higit sa piging

Ang dayaw ng buwan?
Mula sa iisang inunan

Kasaysayan at wika.
Sa wika nakatala

Apat na siglong mahigit
Ng pagpapakasakit.

Sa wika naipundar
Diwang makabayan.

'Di wika ang dapat mapuri,
Kundi ang siyang nagsabi.

**- MARK ANGELES •**

Halaw sa tulang "A child said, What is the grass?"
ni Walt Whitman ang unang dalawang taludtod.